



UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19 Blg. 20-06f (HEALTH OFFICER ORDER FOR THE CONTROL OF COVID-19 No. 20-06f)

Pang-emerhensyang Utos sa **Quarantine** para sa Pamublikong Kalusugan
Petsang Inilabas ang Utos: Abril 3, 2020, binago noong Mayo 4, 2020, Hunyo 8, 2020,
Hulyo 27, 2020, Oktubre 30, 2020, at Disyembre 24, 2020

May bisa ang Utos na ito hanggang sa bawiin sa paraang nakasulat ng Opisyal ng Kalusugan.

BUOD NG UTOS

Ang California ay nasa Katayuan ng Kagipitan (State of Emergency) dahil sa pandemyang COVID-19. Ang pagkalat ng Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19) ay isang malaking panganib sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng Alameda. Madaling kumalat ang COVID-19 sa pagitan ng mga taong malapit na nakikisalamuha sa isa't isa. Inilabas ang Utos batay sa siyentipikong ebidensya at pinakamahuhusay na gawi gaya ng alam at makukuha sa kasalukuyan upang maprotektahan ang mga bulnerableng miyembro ng publiko mula sa maiwasang panganib ng malubhang sakit o kamatayan na nagreresulta mula sa pagkahantad sa COVID-19. Ang edad, kondisyon, at kalusugan ng malaking bahagi ng populasyon ng County ng Alameda ("County") ang naglalagay rito sa panganib ng malulubhang kumplikasyon sa kalusugan, kabilang ang kamatayan, mula sa COVID-19. Ang nagpapalala sa problema, ang ilang indibidwal na nahahawaan ng virus na nagdudulot ng sakit na COVID-19 ay walang sintomas kapag sila ay nakakahawa, na nangangahulugang maaaring hindi nila alam na may dala silang virus at nakakahawa sa iba. Ang lahat ng indibidwal na nahawaan ng COVID-19, anuman ang antas ng kanilang mga sintomas (wala, bahagya o malubha), ay maaaring ilagay sa malaking panganib ang ibang mga bulnerableng miyembro ng publiko.

Upang matulungang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, maprotektahan ang mga bulnerableng indibidwal, at maiwasang mapuspos ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Alameda County, iniaatas ng County of Alameda Public Health Officer ("Opisyal ng Kalusugan" ("Health Officer")) ang pag-quarantine ng mga taong nahantad sa mga taong nasuriang may COVID-19. Inihihiwalay ng quarantine ang mga indibidwal na nahantad sa COVID-19 mula sa iba, hanggang sa mapagpasyahang hindi na sila lubos na nanganganib na magkalat ng sakit.

Ang mga manggagawa sa Sektor ng Pamublikong Kaligtasan (Public Safety Sector), gaya ng inilalarawan sa Utos na ito, ay maaaring bumalik sa trabaho sa panahon ng quarantine kung wala silang ipinakitang sintomas at kung saan may kakulangan sa mga tauhan na hindi maaaring malutas sa ibang paraan na isang agarang banta sa pamublikong kaligtasan. Ang mga empleyado at manggagawa sa mga kalagayang ito ay dapat sundin ang mga karagdagang [pag-iingat](#) na inilabas ng United States Centers for Disease Control and Prevention ("CDC").

ALINSUNOD SA AWTORIDAD NG KODIGO NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA MGA SEKSYON 101040, 101085, AT 120175, INIUUTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA ANG MGA SUMUSUNOD (CALIFORNIA HEALTH AND SAFETY CODE SECTIONS 101040, 101085, AND 120175, THE COUNTY OF ALAMEDA HEALTH OFFICER ORDERS):



Ang lahat ng miyembro ng sambahayan, katuwang sa buhay, tagapag-alaga ng taong may COVID-19, at ang mga indibidwal na malapit na nakisalamuha sa isang taong may COVID-19 ay dapat i-quarantine ang kanilang mga sarili. Inaatasan ang mga taong ito na sundin ang lahat ng tagubilang nakapaloob sa Utos na ito at sa mga dokumento ng patubay sa Pamublikong Kalusugan na tinutukoy sa Utos na ito.

Isang krimen ang paglabag sa Utos na ito, na mapaparusahan sa pamamagitan ng isang multa na hanggang \$10,000 at/o isang taon sa kulungan. (Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan §§ 120295 at kasunod; Kodigo Penal ng California §§ 69 at 148)

Mga Iniaatas sa Quarantine para sa mga Nakasalamuha sa Sambahayan, Katuwang sa Buhay, Tagapag-alaga, at Malalapit na Nakasalamuha ng mga Taong may COVID-19 (Quarantine Requirements for Household Contacts, Intimate Partners, Caregivers, and Close Contacts of Persons with COVID-19)

Ang malalapit na nakasalamuha ng mga taong may COVID-19 ("mga kaso") ay inilalarawan bilang mga indibidwal na:

- Naninirahan (Live in) o nanatili sa tirahan ng kaso O
- Ay malapit na katalik (intimate sexual partners) ng kaso O
- Nagkakaloob o nagkaloob ng pangangalaga sa kaso nang hindi nagsusuot ng mask, gown, o mga guwantes O
- Ay nasa loob ng 6 na talampakan mula sa kaso ng mahabang oras (≥ 15 minuto). Ang paulit-ulit na pagkahantad (cumulative exposures) na umabot ng hanggang 15 minuto sa loob ng isang araw ay maaaring ituring na malapit na pakikisalamuha.

AT

- Naganap ang pakikisalamuhang ito habang ang kaso ay napagpasyahang nakakahawa. Ang kaso ay nakakahawa mula 48 oras bago nagsimula ang kanilang mga sintomas hanggang sa sila ay mapalabas sa pagkakabukod.

Ang lahat ng indibidwal na naging malapit na nakasalamuha ng isang taong may COVID-19 ay dapat agad na gawin ang mga sumusunod na aksyon:

1. Manatili sa kanilang tahanan o iba pang tirahan ng hanggang 10 araw mula sa huling petsa kung kailan sila ay nakisalamuha sa taong nahawaan o malamang na nahawaan ng COVID-19. Araw 0 ay ang petsa ng huling pagkahantad, at ang Araw 10 ay ang huling petsa ng quarantine.
2. Ang 14-na-araw na quarantine ay nananatiling pinakaligtas na opsyon, at ang mga indibidwal na regular na malapit na nakasalamuha ng mga taong [lubos na nanganganib na magkaroon ng malubhang sakit](#) ay dapat patuloy na mag-quarantine hanggang pagkatapos



ng Araw 14 mula sa petsa ng huling pagkahantad. Kabilang dito ang mga indibidwal na naninirahan o nagtatrabaho sa mga pasilidad na tinitirhan ng grupo ng mga tao, gaya ng mga pasilidad na may propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, koreksiyonal na pasilidad, masisilungan para sa mga taong walang tirahan, at dormitoryo (nursing facilities, correctional facilities, shelters for unhoused persons, and dormitories).

3. Ang mga taong naka-quarantine ay hindi maaaring umalis sa kanilang lugar ng pag-quarantine o pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar maliban kung tatanggap ng kinakailangang medikal na pangangalaga.
4. Maingat na pag-aralan at sundin nang mabuti ang lahat ng iniaatas na nakalista sa "Mga Tagubilin sa Pag-quarantine sa Tahanan" ("Home Quarantine Instructions") sa <https://covid-19.acgov.org/isolation-quarantine#quarantine>.
5. Kung ang isang taong naka-quarantine ay nagkasakit ng lagnat, ubo, o pangangapos ng hininga, o iba pang mga sintomas ng COVID-19 (kahit na napakabahagya ng kanilang mga sintomas), dapat nilang ibukod ang kanilang mga sarili sa tahanan at malayo sa ibang tao at sundin ang "Mga Tagubilin sa Pagbukod ng Sarili sa Tahanan" ("Home Isolation Instructions") na nakapaskil sa <https://covid-19.acgov.org/isolation-quarantine>. Ito ay dahil sila ay malamang na may COVID-19 at kung gayon, maaaring makahawa nito sa mga bulnerableng indibidwal.
6. Sa panahon ng mga kritikal na kakulangan ng tauhan, ang mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan at tagaresponde sa emerhensya, at manggagawa sa serbisyong panlipunan na nagtatrabaho nang harap-harapan sa mga kliyente sa sistema para sa kapakanan ng mga bata (child welfare system) o sa mga pasilidad na tumutulong sa pamumuhay (assisted living facilities), ay maaaring bumalik sa trabaho pagkatapos ng Araw 7 mula sa petsa ng huling pagkahantad kung nakatanggap sila ng negatibong resulta mula sa pagsusuring PCR na isinagawa pagkatapos ng Araw 5. Ang mga empleyadong pinahihintulatang bumalik sa Araw 7 alinsunod sa talatang ito ay dapat gumamit ng mga surgical face mask sa lahat ng oras sa panahon ng trabaho at patuloy na mag-quarantine habang hindi nagtatrabaho hanggang sa Araw 14 pagkatapos ng huling pagkahantad. Para sa mga layunin ng talatang ito, nangyayari ang "mga kritikal na kakulangan ng tauhan" ("critical staff shortages") kapag wala nang sapat na tauhang magkakaloob ng ligtas na pangangalaga sa pasyente, residente, o bilanggo at ang mga kakulangan ay hindi mapapahupa kung hindi babalik sa trabaho ang mga dapat sanang naka-quarantine na empleyado.
7. Ang lahat ng indibidwal na tatapusin ang quarantine bago ang Araw 14 ay dapat mahigpit na sundin ang lahat ng inirerekomandang interbensiyong hindi ginagamitan ng gamot, kabilang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras, pagpapanatili ng distansyang hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa iba, at pagsubaybay sa sarili para sa mga sintomas ng COVID-19 hanggang sa Araw 14.

Ang mga indibidwal LAMANG na mga kritikal na manggagawa sa Sektor ng Pampublikong Kaligtasan (Public Safety Sector) o nagkakaloob ng direktang pangangalaga sa pasyente, gaya ng inilalarawan sa ibaba, ang maaaring bumalik sa trabaho sa panahon ng quarantine, at kung natugunan LAMANG ang lahat ng sumusunod na kondisyon:



1. Ang manggagawa ay walang ipinapakitang sintomas (asymptomatic) sa kabila ng pagkahantad.
2. Nagtatrabaho ang manggagawa sa Sektor ng Pampublikong Kaligtasan (Public Safety Sector), na para sa mga layunin ng Utos na ito ay nangangahulugang:
 - a. Pederal, pang-estado, at lokal na tagapagpatupad ng batas
 - b. Mga 911 call center
 - c. Mga tagaresponde sa mapanganib na materyal mula sa mga pampubliko at pribadong sektor
 - d. Mga bumberong EMT

O

Ang manggagawa ay nagkakaloob ng direktang pangangalaga sa mga pasyente.

Kung ang manggagawa ay nagkakaloob ng direktang pangangalaga sa pasyente, dapat sumunod ang manggagawa sa Araw 7 na istrategiya sa pag-quarantine na inilalarawan sa itaas maliban kung walang sapat na tauhang makakatiyak ng kaligtasan ng mga pasyente, kung saan dapat suriin ang manggagawa, gamit ang pagsusuring PCR, nang maraming beses sa iba't ibang araw bago ang Araw 7 (hal., Araw 3, Araw 5).

3. Ang employer ay nahaharap sa mga kritikal na kakulangan ng mga tauhan na hindi maaaring malutas kung hindi babalik sa trabaho ang mga naka-quarantine sanang empleyado.
4. Ang kritikal na kakulangan ng tauhan ay agarang banta sa kaligtasan ng publiko o pasyente.
5. Ang mga manggagawang babalik sa trabaho nang maaga alinsunod sa probisyong ito ay maaari lamang umalis sa pag-quarantine para magkaloob ng mga serbisyong kailangan upang mapahupa ang mga kritikal na kakulangan ng tauhan sa Sektor ng Pampublikong Kaligtasan o sektor ng pampublikong kalusugan (Public Safety Sector or health care sector). Ang mga indibidwal na ito ay nananatiling napapailalim sa mga restriksyon sa quarantine sa lahat ng iba pang oras.

Ang isang empleyadong pinahintulutang bumalik sa trabaho sa panahon ng quarantine ay dapat magsagawa ng pagsusuri sa sarili, kabilang ang pagsisiyasat sa temperatura at sintomas bago umalis ng bahay para pumasok sa trabaho hanggang sa katapusan ng panahon ng quarantine. Dapat magsuot ang empleyado ng surgical mask sa trabaho para sa natitira sa 14 na araw. Dapat suriin ng employer ang naka-quarantine sanang empleyado, kabilang ang pagsisiyasat sa temperatura at sintomas, bago pahintulutan ang empleyadong pumasok sa lugar na pinagtatrabahuan hanggang sa katapusan ng panahon ng quarantine. Dapat subaybayan ng parehong employer at empleyado ang kondisyon ng empleyado nang buong araw para sa mga sintomas. Kung nagkaroon ang isang empleyado ng mga sintomas habang nasa trabaho, agad na dapat umuwi ang empleyado at sundin ang Utos at Gabay sa Pagbubukod ng Sarili ng Opisyal ng Kalusugan (Health Officer's Isolation Order and Guidance).

Ang Opisyal ng Kalusugan (Health Officer) ay maaaring gumawa ng (mga) karagdagang aksyon, na maaaring kabilangan ng sibil na detensyon o pag-aatas sa isang taong manatili sa isang pasilidad na pangkalusugan o iba pang lokasyon, upang protektahan ang kalusugan ng publiko kung ang indibidwal na sumasailalim sa Utos na ito ay lumalabag o hindi sumunod sa Utos na ito.



Ang paglabag sa Utos na ito ay isa ring maliit na pagkakasala (misdemeanor) na mapaparusahan sa pamamagitan ng pagkakakulong, multo o pareho.

ITO ANG INIUUTOS:

A handwritten signature in black ink, appearing to read "N. J. Moss", is written over a horizontal line.

Dr. Nicholas J. Moss, MD, MPH
Opisyal ng Kalusugan, County ng Alameda

Disyembre 24, 2020
Petsa